APPLICATION

- Naniniwala ka ba, gaya ni Cornelio, sa ginawa ni Jesus sa krus para iligtas ka mula sa iyong mga kasalanan? Naniniwala ka ba, gaya ni Pedro, na ang ebanghelyo ay para sa lahat? Paano mo maisasapamuhay ang mga natutunan mo ngayon?
- May mga kaisipan ka ba na kailangang wasakin para makipag-ugnayan ka sa mga naliligaw ng landas at maipangaral ang ebanghelyo? Paano ka lalago sa pagkaunawa mo sa ebanghelyo at sa pagmamahal ni Cristo para sa lahat, simula ngayong araw na ito?
- Sino sa mga kapamilya at kaibigan mo ang hindi pa nakaririnig sa ebanghelyo? Ano ang handa kang gawin para maibahagi si Cristo sa kanya ngayong linggo?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa kamatayan ni Cristo sa krus, na nagligtas sa iyo mula sa iyong mga kasalanan. Pasalamatan Siya sa pagpapakita ng kabutihan ng ebanghelyo sa lahat ng tao sa mundo, kabilang ka.
- Hingin sa Diyos ang lakas ng loob na sumunod sa Kanyang utos, maki-ugnay sa mga naliligaw ng landas, at mangaral ng ebanghelyo. Hingin sa Kanya ang kamalayan na kailangan ng mabilis na pagkilos upang makipag-ugnayan sa iba dala ang Kanyang pagmamahal at awa.
- Ipanalangin ang tapang at lakas ng loob na ipangaral ang ebanghelyo sa iyong pamilya at mga kaibigan ngayong linggo. Ipanalangin na hindi ka mag-aksaya ng oras sa pagsunod sa utos na ipangaral ang ebanghelyo.

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot
mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.
victory.org.ph

FORWARD

Pangangaral ng Ebanghelyo

NOTES

WARM-UP

- Sa tuwing nag-iimbita ka ng bisita sa inyong bahay, paano mo ipinadarama ang malugod mong pagtanggap sa kanila?
- Ikuwento ang isang panahon na naramdaman mo ang pagtanggap ng isang grupo (pamilya, mga kaibigan, mga kamag-aral, at mga kasama sa trabaho). Ano ang nangyari at ano ang naramdaman mo dahil dito?
- Nabansagan ka na bang “kakaiba” dahil sa isang panlabas na anyo? Magkuwento tungkol dito.

WORD

[14]Sumagot si Pedro, "Panginoon, hindi ko magagawa iyan dahil hindi po talaga ako kumakain ng mga hayop na itinuturing na marumi at ipinagbabawal kainin." [15]Muling sinabi ng tinig, "Huwag mong ituring na marumi ang kahit anong bagay na nilinis na ng Diyos." **MGA GAWA 10:14,15**

(Basahin din ang **MGA GAWA 10.**)

Sa kultura ng mga Hudyo, may "maruming" hayop, na hindi nila dapat kainin. Sa kuwentong ito, nakatanggap si Pedro ng isang pangitain patungkol sa pagkain ng "malinis" at "maruming" mga hayop. Sinabi sa kanya na, "*Huwag mong ituring na marumi ang kahit anong bagay na nilinis na ng Diyos*." Naintindihan ni Pedro na ang ibig sabihin ng Panginoon ay ang ebanghelyo ay para rin sa mga Hentil, na hindi pa alam ng mga apostol noong mga panahong iyon. Kahit hindi tayo mga Hudyo, maaaring may mga kaisipan na pumipigil sa atin na ipangaral ang ebanghelyo. Kailangan nating tandaan na kung hindi naipangaral sa atin ng ibang tao ang ebanghelyo, tayo rin ay kabilang pa sa mga naliligaw ng landas. Dahil dito, makikita natin ang dalawang utos mula sa Diyos, na para sa lahat ng tao sa anumang pagkakataon.

1 Puntahan ang mga naliligaw ng landas.

[34]Kaya nagsalita si Pedro, "Ngayon alam ko nang walang pinapaboran ang Diyos. [35]Kung ang tao ay may takot sa Diyos at tama ang kanyang ginagawa, kahit ano ang lahi niya'y tatanggapin siya ng Diyos.
MGA GAWA 10:34,35

Matapos matanggap ni Pedro ang pangitain, may mga tagapagbalita na dumating upang dalhin siya sa kay Cornelio. Si Cornelio ay isang kapitan ng batalyon ng mga sundalong Romano na may hawak na 100 mga sundalo. Higit pa riyan, siya ay hindi Hudyo. Gayunpaman, si Cornelio ay isang madasaling tao na may takot sa Diyos at nagbibigay sa mahihirap. Dahil sa pangitain, naintindihan ni Pedro na *walang pinapaboran ang Diyos* at walang dahilan upang hindi tayo lumapit sa sinumang naliligaw ng landas. Ano ang ilan sa mga kaisipan na pumipigil sa atin upang lumapit sa mga naliligaw ng landas? Paano ito itinuwid para sa atin ng pangitain ni Pedro?

2 Ipangaral ang ebanghelyo.

[42]Inutusan niya kaming mangaral ng Magandang Balita sa mga tao at magpatotoo na siya ang tunay na pinili ng Diyos na maging tagahatol ng mga buhay at ng mga patay. [43]Si Jesu-Cristo ang tinutukoy ng lahat ng propeta nang ipahayag nila na ang lahat ng sumasampalataya sa kanya ay patatawarin sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng kanyang pangalan." **MGA GAWA 10:42,43**

Nang si Pedro at ang mga apostol ay nagsimulang mangaral, nangusap muna sila sa mga kababayan nilang Israelita (Mga Gawa 2:22), na mga Hudyo. Subalit, ang pangitain tungkol sa mga hayop ay nakatulong upang maintindihan ni Pedro ang ibig sabihin ni Jesus noong sinabi Niyang pumunta sila sa iba't-ibang mga lahi upang tulungan silang sumunod sa Kanya. Ang ibig sabihin nito ay kailangan nating ipangaral ang ebanghelyo sa lahat. Minsan, nahihirapan tayong maipangaral ang ebanghelyo dahil may mga kaisipan tayong pumipigil sa atin na makihalubilo sa ibang tao. Subalit, ang kautusan ni Cristo ay malinaw: Walang dahilan upang hindi tayo pumunta sa ibang mga tao upang ipangaral ang ebanghelyo. Bilang mga tagasunod ni Cristo, kailangan nating sumunod at ipangaral ang ebanghelyo. Sino ang nagbahagi ng ebanghelyo sa iyo at paano mo nakilala si Jesus? Paano mo nagagawang ikuwento sa ibang tao si Cristo?